Light Reading
Mayo/Hunyo 2018

PAGLILIGTAS SA MGA SALMON, ISANG WATERWAY SA ISANG PAGKAKATAON
Si Denise Krownbell ng Environmental, Land and Licensing Business unit ng City Light ay may natatanging trabaho na hindi inaasahan ng marami kapag pag-iisipan ang isang tipikal na empleyado sa utility. Para malutas ang problema sa bumababang bilang ng populasyon ng steelhead salmon at malabanan ang mga epekto ng pagbabago ng klima, bumibili siya ng mga watershed at wetland sa buong estado ng Washington at sa ngalan ng City Light.

Noong 2017, bumili ang City Light ng 151 akre ng mga ganitong lupain upang masuportahan ang layunin ng Puget Sound Chinook Recovery Plan sa pagprotekta sa mga lugar na pinangingitlugan ng mga Chinook salmon. Nangangailangan ang karamihan ng pag-aari ng kaunting panimulang pagsasaayos, gaya ng pag-aalis ng mga mapaminsalang species at pagtatanim sa mga lugar na dapat ay may mas makapal na canopy cover. Kapag natapos ang gawain, natural nang kumikilos ang kalikasan. Sa pamamagitan ng pagkuha sa mahahalagang lugar na ito, partikular na ang mga lugar na pinangingitlugan at pinamumugaran, pinepreserba ng City Light ang mga lupaing ito at pinapanatiling malinis at dalisay ang mga batis at ilog, para sa mga susunod na taon.

“Sa kasalukuyan, maraming salik ang nakakaapekto sa populasyon ng mga salmon sa Pacific Northwest tulad ng polusyon, pagkasira ng tirahan at pagbabago ng klima. Mukhang nagsasabay-sabay ang mga epekto nito,” paliwanag ni Krownbell. “Pinahusay ng City Light ang gawain nito para sa ating rehiyon.”

Green Up! (Maging Makakalikasan!)
Sumali sa City Light Green Up (Maging Makakalikasan) Programang upang makagawa ng pagbabago sa pamamagitan ng pag-ambag sa mas makakalikasan at mas matatag na kinabukasan ng enerhiya. Magdagdag lang ng $3, $6, o $12 sa iyong bill bawat buwan.
Matuto pa sa pamamagitan ng pagbisita sa seattle.gov/green o tumawag sa (206) 684-3800.

SEKSYON NG UMUUPA
Makatipid ng kuryente sa pamamagitan ng mga advanced power strip.
Pagdating sa pagtitipid ng kuryente, madaling makalimutan ang mga kagamitang de-kuryente kahit hindi naka-on ang mga ito. Panatilihing nakasaksak ang mga ito nang hindi nag-aaksaya ng kuryente sa pamamagitan ng pagsasasaksak sa mga ito sa mga Advanced Power Strip. Makakatipid ang mga ito ng kuryente sa pamamagitan ng pagpapababa sa konsumo ng mga nakakonektang item, kapag hindi ginagamit ang mga ito. Matuto pa sa seattle.gov/light/renterscorner.

SKAGIT TOURS
Magparehistro. Mag-relax. Ulitin.
Unang beses mo man o matagal ka nang hindi nakakabisita, ineengganyo kang sumama sa road trip patungo sa kahanga-hanga at emerald waters ng North Cascades. Matatagpuan sa hilagang silangan ng Seattle sa North Cascades National Park, nag-aalok ang Skagit Tours ng kamangha-manghang tanawin sa isa sa pinakamagagandang parke ng bansa.
Nag-aalok kami ng apat na excursion, kabilang sa Diablo Lake at Lunch tour na nagtatampok ng cruise sa katubigan ng Diablo Lake na puno ng glacier. Ang Dam Good Chicken Dinner at Ladder Creek Falls ng Night tours ay tradisyong ihahain sa iyo, ito ang aming tanyag na chicken dinner—isang classic na lutuing iniluluto na noon pang 1930s. Ang lahat ng tour ay nagpapakita ng pangmatagalang dedikasyon ng iyong utility para sa ating pamana sa hydropower.
Simulan ngayon ang iyong adventure sa pagre-relax sa skagittours.com o tumawag sa (360) 854-2589.

TAGSIBOL NA AT TUMUTUBO NA ANG MGA PUNO
Nagsimula na ang Tagsibok sa Seattle, at panahon na naman ng pagpaplano para sa pagtatanim! Bagama't nakakatuksong bumili at magtanim ng halaman sa iyong ari-arian, ang tagsibol ay mas mainam na panahon para magplano sa halip na magtanim. Kailangan ng espasyo ng mga linya ng kuryente at utility, kaya huwag kalimutang tumingala!
Alamin kung gaano kalaking espasyo ang kailangan nila sa pamamagitan ng pagbisita sa vegetation clearance page ng City Light sa: bit.ly/PowerlineClearance.

Para sa listahan ng aprubadong mapagpipilian ng punong maitatanim sa kalsada at lugar na maaaring pagtaniman ng Seattle Department of Transportation (Departamento sa Transportasyon ng Seattle), bisitahin ang: bit.ly/TreeList.
Para sa higit pang impormasyon tumawag o mag-email sa mga arboriculturist ng City Light sa (206) 386-1733 o SCLVegetation@seattle.gov.
Masayang pagtatanim ng mga puno!

UTILITY DISCOUNT PROGRAM

Tumutulong ang Utility Discount Program (Programa ng Diskwento sa Utility) sa mga customer ng City Light na kwalipikado ang kita upang mapababa ang kanilang bayarin sa kuryente nang 60 porsyento. Upang malaman kung kwalipikado ka para sa programang ito, bisitahin ang: seattle.gov/light/assistance.

PANGKALIGTASANG TIP MULA SA ISANG EKSPERTO

"Tumingala, magmasid sa paligid at maging ligtas! Pag-akyat sa mga puno, pagsakay sa mga duyan, pagpapalipad ng mga saranggola at paglalaro sa mga tree house -- nakakatuwang aktibidad ang mga ito tuwing tag-init, ngunit dapat tiyaking kung gagawin natin ito, malayo tayo sa mga linya ng kuryente. Kapag nadikit ang bahagi ng puno sa linya ng kuryente, maaari itong malantad sa kuryente at magbigay-daan sa mapanganib na sitwasyon sa lahat ng nasa o nasa paligid ng puno. Makipag-usap sa iyong mga anak tungkol sa mga puno at linya ng kuryente upang magkaroon kayo ng ligtas na tag-init! Kung mayroon kang mga tanong o kung gusto mo ng pangkaligtasang pagsusuri sa isang puno o tree house malapit sa mga linya ng kuryente, mangyaring tumawag sa (206) 386-1733."
-Heidi Narte, Arboriculturist

SA KOMUNIDAD MO
PAGLILINGKOD NG CITY LIGHT

May mga tauhan sa mga komunidad na ito na nagsisikap na magbigay ng maaasahang serbisyo:

- Blue Ridge/North Beach: Nagkakabit ng mga conduit sa ilalim ng lupa upang mapahusay ang serbisyo sa kuryente;
- South Lake Union: Nagkakabit ng mga conduit at vault sa ilalim ng lupa para sa mga pangserbisyong koneksyon sa hinaharap;
- Pioneer Square/SODO: Nagkakabit ng mga duct bank sa ilalim ng lupa upang mapalitan ang naluluma nang imprastraktura;
- Mount Baker: Nagpapahusay ng mga overhead na utility pole bilang suporta sa planadong East Link Extension (Extension ng Link sa Silangan) ng Sound Transit.

Hindi kumpleto ang listahang ito. Para sa mga detalye, pumunta sa seattle.gov/light/atwork.

Seattle City Light
700 Fifth Avenue, Suite 2822
PO Box 34023
Seattle, WA 98124-4023
seattle.gov/light

Mga tanong, komento, o suhestyon? Tumawag sa (206) 684-3000.
Patnugot: Nathan MacDonald, nathan.macdonald@seattle.gov
Available din ang newsletter sa Spanish, Vietnamese, Chinese, Somali, Tagalog at Korean online, o tumawag sa (206) 684-3000.